# MGA KARAPATAN NG MAGULANG PARA SA ESPESYAL NA EDUKASYON

(3 taon hanggang edad 21)

## Paunawa ng mga Pananggalang sa Pamamaraan

**Hunyo 2008**



Department of Defense Education Activity
4040 North Fairfax Drive
Arlington, Virginia 22203-1635
www.dodea.edu

Ang dokumentong ito ay makukuha sa Pahina sa Web na Espesyal na Edukasyon ng DoDEA sa http://www.dodea.edu/curriculum/specialEduc.cfm?cType=se&cId=info

dodea
DEPARTMENT OF DEFENSE EDUCATION ACTIVITY

## ISANG MENSAHE SA ATING MGA MAGULANG

Ang misyon ng Kagawaran ng Aktibidad ng Edukasyon ng Depensa (Department of Defense Education Activity [DoDEA]) ay magkaloob ng mahusay na programang pang-edukasyon na naghahanda sa lahat ng mga estudyante para sa tagumpay sa isang pandaigdig na kapaligiran. Naniniwala kami na sa pamamagitan ng pantay na daan sa paggamit ng mahusay na edukasyon, ang lahat ng mga bata ay maaaring mahamon upang makamit ang kanilang pinakamahusay sa paaralan, at ang lahat ay maaaring maging mga matatagumpay na nag-aaral.

Sa DoDEA, ang mga estudyanteng may mga kapansanan ay pinagkakalooban ng isang libre, angkop na edukasyon sa mga paaralan kung saan ang mga desisyon sa paglalagay at serbisyo ay batay sa mga indibidwal na pangangailangan ng estudyante, sa pinakamababa ang antas ng paghihigpit na kapaligiran at alinsunod sa mga gumagabay na prinsipyo ng sistema. Ang DoDEA ay dedikado sa pagtataguyod ng nagsasamang edukasyon, na nangangahulugang ng paglahok ng lahat ng mga estudyante, kabilang ang mga may mga kapansanan, limitadong kasanayan sa Ingles, natukoy na mga likas na talino at talento, at ibang mga espesyal na pangangailangan sa programang pangkalahatang edukasyon, gaya ng angkop.

Ang <u>Mga Karapatan ng Magulang para sa Espesyal na Edukasyon</u> ay idinisenyo upang tulungan kayo na higit na maintindihan ang inyong mga pananggalang sa pamamaraan habang magkasama tayong nagtatrabaho upang tulungan ang inyong anak na may kapansanan na maabot ang kanyang pinakamataas na makakayang abutin.

**TALAAN NG MGA NILALAMAN**

Panimula……………………………………………………………..……………..2

Para sa Karagdagang Impormasyon……………………………………………….2

Paglahok ng Magulang……………………………………………...………....3

Pahintulot ng Magulang………………………………………………...………3

Naunang Nakasulat ng Paunawa…………………………………………..……4

Daan sa mga Rekord na Pang-edukasyon …………………………………...…..5

Independiyenteng Pagsusuring Pang-edukasyon………………………….............5

Disiplina ng Paaralan at Paglalagay sa Pansamantalang Panghaliling Lugar ng Edukasyon ………...................................................................................................6

Pinadaling Angkop na Proseso ng Pagdinig........................................................8

Isang-panig na Paglalagay…………………………………………………………..9

Edad ng Mayoriya.................................................................................................9

Karapatan sa Abugado/Pagkatawan....................................................................9

Paglutas ng mga Hindi Pinagkakasunduan..........................................................10

Pagsisimula ng Angkop na Proseso ng Pagdinig...............................................…8

Mga Sibil na Aksiyon...........................................................................................14

Mga Bayad sa Abugado.......................................................................................14


Kongklusyon…………………………………………………………………….....14

## PANIMULA

Ang dokumentong ito ay nagkakaloob sa mga magulang ng mga batang may mga kapansanan mula sa preschool hanggang sa edad na 21 ng isang pangkalahatang-tanaw ng kanilang mga karapatan sa edukasyon na nauukol sa espesyal na edukasyon. Ang buklet na ito ang *Paunawa ng mga Karapatan ng Magulang ng DoDEA* para sa mga magulang at mga kahaliling magulang.

Itong Paunawa ng mga Karapatan ng Magulang ay dapat ipagkaloob sa iyo minsan sa isang taon o mas madalas at kapag:

- Humingi ka ng isang kopya;
- Humiling ka ng pagsusuri;
- Nagsumite ka ng isang reklamo para sa angkop na proseso sa unang pagkakataon;
- Ang unang pagkakataon na ang iyong anak ay inirekomenda para sa pagsusuri ukol sa espesyal na edukasyon; at
- Kung ipinasiya ng paaralan na gumawa ng aksiyong pandisiplina laban sa iyong anak na magbabago sa paglalagay na pang-edukasyon sa iyong anak.



## PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

Ang mga programa at serbisyo sa espesyal na edukasyon ng DoDEA ay ipinagkakaloob alinsunod sa Instruksiyon 1342.12 ng Kagawaran ng Depensa (Department of Defense [DoD]) , "Pagkakaloob ng mga Serbisyong Maagang Pamamagitan at Espesyal na Edukasyon sa mga Karapat-dapat na Nakadepende ng DoD," may petsang Abril 11, 2005. Ang isang kopya ng instruksiyong ito ay maaaring makuha mula sa mga sumusunod na web address:
http://www.dodea.edu/curriculum/specialEduc.cfm?cType=se&cId=res

Ang Komite sa Pag-aaral ng Kaso (Case Study Committee [CSC]) ng DoDEA ay tumutukoy sa isang maraming-disiplinang pangkat ng mga espesyal na edukador, mga regular na edukador, mga tauhan ng mga kaugnay na serbisyo, mga administrador, at kayo, ang magulang. Ang iniaatas na bubuo ng isang SCA ay depende sa mga aktibidad na dapat gawin. Ang CSC ay nagkakaloob ng pangangasiwa sa programang espesyal na edukasyon ng paaralan at lahat ng mga aktibidad na tuwirang may kaugnayan sa isang estudyanteng ipinasiyang karapat-dapat sa ilalim ng Instruksiyon 1342.12 (tinukoy sa itaas) ng DoD. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa

Komite sa CSC ng paaralan ng iyong anak, mangyaring kausapin ang admistrador ng paaralan.

Ang inyong lokal na paaralan ay ang unang dapat puntahan para sa karagdagang impormasyon na nauukol sa programang pang-edukasyon ng iyong anak. Ang guro ng inyong silid-aralan at administrador ng paaralan ay nakahandang sumagot sa mga katanungan at harapin ang iyong mga inaalala. Para sa mga katanungan na nauukol sa mga pamamaraan sa espesyal na edukasyon ng distrito, ang Tagapag-ugnay sa Espesyal na Edukasyon ng Distrito ay nakahandang sumagot sa iyo. Ang taong ito ay matatagpuan sa lokal na Opisina ng Superintendente ng Distrito.

## PAGLAHOK NG MAGULANG

May karapatan kang dumalo sa anumang pulong ng paaralan na ginaganap tungkol sa pagkilala, pagsusuri, at paglalagay na pang-edukasyon ng iyong anak at upang lumahok sa pagbuo ng Programang Ibinabagay na Edukasyon (Individualized Education Program [IEP]) ng iyong anak.

Kung hindi makakadalo sa pulong, maaari kang lumahok sa pamamagitan ng komperensiya sa pamamagitan ng telepono o video. Pangkaraniwan, ang mga desisyon sa paglalagay ay hindi gagawin nang walang paglahok mo maliban kung ang paaralan ay hindi nagtagumpay sa mga nakadokumentong pagtatangka nito na kunin ang iyong paglahok.

## PAHINTULOT NG MAGULANG

Ang iyong nakasulat na pahintulot ay kailangan para sa maraming aksiyon na gagawin ng mga tauhan sa paghahatid ng mga serbisyong pang-edukasyon, upang magkaloob ng Libreng Angkop na Pampublikong Edukasyon (Free Appropriate Public Education [FAPE]) sa iyong anak. Mahalaga sa DoDEA na ikaw ay lubos na nabibigyan ng kaalaman tungkol sa aktibidad na hinihingi ang iyong pahintulot. Kung gusto mo ng paunawang ito sa iyong katutubong wika, dapat kang makipag-ugnayan sa punong-guro ng paaralan upang malaman kung ang iyong kahilingan ay maaaring bigyang-daan.

Ang Unang Pagsusuri ng Pagiging Karapat-dapat   Kailangan ng DoDEA ang iyong may-kaalamang pahintulot bago suriin ang iyong anak. Kung ayaw mong ibigay ang inyong pahintulot sa unang pagsusuri, o hindi tumugon sa isang kahilingan para sa pahintulot, ang mga tauhan ng paaralan ay maaaring magsikap sa unang pagsusuri sa pamamagitan ng pagsisimula ng isang walang-pinapanigang angkop na proseso ng pagdinig.

Muling Pagsusuri   Ang iyong anak ay dapat na muling suriin minsan kada tatlong taon. Kung ang Case Study Committee (CSC) ay nagpasiya na walang pormal na pagsubok na kinakailangan upang alamin kung ang iyong anak ay patuloy na karapat-dapat sa espesyal na edukasyon, bibigyan ka ng paunawa ng paaralan at ng mga dahilan para

sa desisyong ito. May karapatan ka rin na humiling ng pasusuri. Kung gusto ng paaralan na muling suriin ang iyong anak, ito ay hihiling ng iyong pahintulot. Gayunman, ang iyong kahilingan ay hindi iniaatas kung ang paaralan ay makakapagpakita na ito ay gumawa ng mga makatwirang hakbang upang makuha ang iyong pahintulot at hindi ka sumagot.

<u>Unang Paglalagay (Paghahatid ng Serbisyo) sa Espesyal na Edukasyon</u> Dapat mong ibigay ang iyong may-kaalamang pahintulot bago mailagay ng DoDEA ang iyong anak sa isang programang espesyal na edukasyon sa unang pagkakataon. Kung tumanggi kang magpahintlot ang paaralan ay hindi magkakaloob ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa iyong anak.

<u>Mga Eksepsiyon sa Pahintulot ng Magulang</u> Ang pahintulot ng magulang ay hindi iniaatas bago ang (1) pagrepaso ng kasalukuyang impormasyon bilang bahagi ng isang pagsusuri o muling pagsusuri; (2) pagsasagawa ng oberbasyon ng isang silid-aralan (3) pagbibigay ng isang pagsubok o pagsusuri na ibinibigay sa lahat ng mga bata maliban kung ang pahintulot ay iniaatas sa lahat ng mga magulang ng mga bata bago ibigay ang pagsubok, o (4) pagsasagawa ng mga pagsubok na pagsusuri, mga pamamaraan o instrumento na tinukoy sa IEP ng bata bilang pagsukat para sa pag-alam ng progreso.

<u>Pagbawi ng Pahintulot</u> Pagkatapos ibigay sa DoDEA ay iyong nakasulat na pahintulot upang muling suriin ang iyong anak, maaari mong pabawalang-bisa ang iyong nakasulat na pahintulot para lamang sa mga aktibidad ng pagsusuri na hindi pa nakukumpleto; hindi ito retroaktibo.

<u>Paglalabas ng mga Rekord</u> Ang isang nakasulat na kahilingan para sa iyong pahintulot ay kailangan kung ang mga rekord ng iyong anak ay ipapalabas sa labas ng Kagawaran ng Depensa maliban sa isang kaso kung saan, ayon sa batas, ang mga rekord ay maaaring ipalabas (halimbawa, sa mga tauhan ng pagpapatupad ng batas). Maaaring tukuyin ng kahilingan kung kanino dapat ilabas ang mga rekord. Ang pinakakaraniwang halimbawa nito ay kapag lumipat kayo sa isang bagong distrito ng paaralan at ang bagong paaralan ay humiling ng mga kopya ng mga rekord na pang-edukasyon ng iyong anak.

## NAUNANG NAKASULAT NA PAUNAWA

Bilang karagdagan sa paglahok sa mga pulong tungkol sa programang espesyal na edukasyon ng iyong anak, may karapatan ka na tumanggap ng nakasulat na paunawa sa loob ng isang makatwirang panahon bago simulan o palitan, o tumangging simulan o palitan ng mga tauhan ng paaralan (a) pagkilala, (b) pagsusuri, (c) paglalagay na pang-edukasyon ng iyong anak, o (d) pagkakaloob ng isang libreng angkop na pampublikong edukasyon (FAPE).

Ang nakasulat ng paunawa ng paaralan ay kasama ang:



- Isang paglalarawan ng aksiyon na iminungkahi o tinanggihan ng distrito;
- Isang paliwanag kung bakit ang distrito ay nagmumungkahi o tumatanggi sa aksiyon;
- Isang paglalarawan ng bawat pamamaraan ng pagsusuri, pagtasa, rekord, o ulat na ginagamit ng paaralan bilang batayan para sa iminungkahi o tinanggihang aksiyon;
- Isang paglalarawan ng anumang ibang mga mapipili na isinaalang-alang ng paaralan at tinanggihan at bakit ang mga ito ay tinanggihan;
- Isang paglalarawan ng anumang ibang mga bagay na may-kaugnayan sa mungkahi o pagtanggi;
- Mga takbuhan na makakaugnayan mo upang makakuha ng tulong sa pag-intindi sa iyong mga karapatan; at
- Isang pahayag ng iyong mga pananggalang sa pamamaraan at impormasyon tungkol sa kung saan maaaring makakuha ng isang kopya ng iyong mga pananggalang sa pamamaraan.

Kung gusto mo ng paunawang ito sa iyong katutubong wika, dapat kang makipag-ugnayan sa punong-guro ng paaralan upang malaman kung ang iyong kahilingan ay maaaring bigyang-daan.

## DAAN SA MGA REKORD NA PANG-EDUKASYON

Bilang magulang, o ang iyong awtorisadong kinatawan, may karapatan ka na siyasatin at/o repasuhin ang anumang mga rekord na may kaugnayan sa iyong anak, na tinitipon, pinananatili, o ginagamit ng inyong lokal na distrito ng paaralan o ng sistema ng paaralan ng DoD na iniaatas ng Batas ng 1974 sa Pagkapribado (Privacy Act of 1974 [PA]), gaya ng sinusugan, 5 U.S.C. 552a, gaya ng ipinatutupad ng Direktiba 5400.11-R ng DoD, "Programang Pagkapribado ng DoD." Ang mga rekord ng Batas sa Pagkapribado ay ang mga nakatala sa ilalim ng pangalan mo, o ng pangalan ng iyong anak, o isang personal na numero ng identipikasyon. Ang mga rekord na ito ay kabilang ang mga kompidensiyal na rekord na pang-edukasyon ang iyong anak, kabilang ang mga rekord ng espesyal na edukasyon, pagpaparehistro, pagdalo, kalusugan, at pandisiplina na pinananatili sa paaralan.

- Kung hindi ka lokal sa paaralan ng humahawak sa mga rekord ng iyong anak o humihiling ka ng mga rekord na kaugnay ng Batas sa Pagkapribado na pinananatili sa paaralan, maaari mong makuha ang mga rekord na iyon sa pamamagitan ng

paghaharap ng isang pirmadong nakasulat na kahilingan para sa mga rekord na iyon sa DoDEA FOIA/PA Officer, 4040 North Fairfax Drive, Arlington, VA 22203. Ang iyong kahilingan ay dapat magtaglay ng isang pahayag na ikaw ang magulang ng bata, o ang isang kopya ng isang utos ng hukuman na nagpapakita na ikaw ang legal na tagapangalaga ng bata (maliban kung ang impormasyon ay nakasaad sa tala ng pagpaparehistro ng estudyante.)

- Kung humihiling ka ng impormasyon tungkol sa iyong anak na hindi nakatala sa ilalim ng pangalan ng iyong anak o personal na tagapagpakilala, o impormasyon na hindi pinananatli sa ilalim ng mga iniaatas ng Batas sa Pagkapribado, dapat kang magsumite ng isang pinirmahang nakasulat na kahilingan para sa mga rekord na ito sa DoDEA FOIA/PA Officer, 4040 N. Fairfax Dr., Arlington, VA 22203, sa ilalim ng Freedom of Information Act (FOIA), 5 U.S.C. 552, gaya ng ipinatutupad ng DoD 5400.7-R, "DoD Freedom of Information Act Program" (http://www.dtic.mil/whs/directives)



Tuwing maghaharap ka ng isang pinirmahang nakasulat na kahilingan para sa mga rekord, maaari kang humiling ng mga rekord sa ilalim ng pareho ng Batas sa Pagkapribado at ng Batas sa Kalayaan sa Impormasyon (Freedom of Information Act) Gayunman, dapat mong ilarawan ang mga rekord na hinahanap mo sa mas maraming detalye na maibibigay upang matiyak na ang isang kumpletong paghahanap ng mga rekord ay magagawa.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa daan sa mga rekord na pang-edukasyon ng iyong anak ay makukuha sa lokal na paaralan ng iyong anak o opisina ng distrito.

## INDEPENDIYENTENG PAGSUSURI NA PANG-EDUKASYON

Ang isang independiyenteng pagsusuri na pang-edukasyon ay isinasagawa ng isang kuwalipikadong tagaiksamen na hindi empleyado ng paaralan ng DoD o ng Serbisyong Pamamagitang Pang-edukasyon at Ukol sa Pagpapaunlad (Educational and Developmental Intervention Service [EDIS]) na nagsasagawa ng pagsusuri ng paaralan. May karapatan ka sa isang IEE anumang oras, sa sarili mong gastos.
Kung humiling ka ng isang IEE sa gastos ng DoDEA, ang sistema ng paaralan, nang walang hindi kailangang pagkaantala, ay dapat na:

- Magpasimula ng walang-kinikilingang angkop na proseso ng pagdinig upang ipakita na ang pagsusuri nito ay angkop; o

- Tiyakin na ang pagpopondo ng DoDEA ng alinmang IEE na makukuha mo na sumusunod sa pamantayan sa pagsusuri ng DoDEA.

Kung nais mong kumuha ng IEE ang paaralan ay tutukoy sa mga tagapagkaloob na pangkaraniwang nakakatugon sa pamantayan sa pagsusuri ng ahensiya. Dapat tandaan, gayunman:

> Kung ang paaralan ay tumangging magbayad para sa IEE at naninindigan sa pagsusuri nito, ang DoDEA ay dapat magpasimula ng isang angkop na proseso ng pagdinig. Kung ang desisyon ay angkop ang pagsusuri ng paaralan, may karapatan ka pa rin sa isang independiyenteng pagsusuri, pero hindi sa gastos ng DoDEA.
>
> Kung nakakuha ka ng isang IEE, ang DoDEA ay maaaring umiwas sa pagpopondo ng IEE kung ipinakita nito sa isang walang-kinikilingang angkop na proseso ng pagdinig na ang indepediyenteng pagsusuri na nakuha mo ay hindi nakatugon sa pamantayan ng DoDEA. Sa mga naturang kaso, kayo, ang mga magulang, ay responsable para sa gastos ng pagsusuri.



<u>Pagsasaalang-alang ng mga Ipinasiya ng IEE</u> kung nakakuha ka ng isang independiyenteng pagsusuri sa gastos ng publiko o pribado, isasaalang-alang ng paaralan ang pagsusuri na iyon sa anumang desisyong ginagawa sa FAPE ng iyong anak. Gayunman, ang pagkuha ng isang IEE ay hindi nangangahulugan na ang paaralan ay dapat gumawa ng isang desisyon na kaayon ng mga ipinasiya ng iyong IEE. Dapat isaalang-alang ng CSC ang lahat ng makukuhang impormasyon sa paggawa ng isang desisyon na nakakaapekto sa pagiging karapat-dapat ng isang bata, paglalagay, IEP, mga serbisyo, o libreng angkop na pampublikong edukasyon.

## DISIPLINA NG PAARALAN AT PAGLALAGAY SA PANSAMANTALANG PANGHALILING KAPALIGIRANG PANG-EDUKASYON

<u>Pagpapasiya ng Pagpapahayag</u> Ang isang pulong ukol sa pagpapahayag ay isasagawa kung ang iyong anak ay kasangkot sa isang insidente na maaaring magresulta sa pag-aalis sa iyong anak mula sa paaralan ng higit sa 10 magkakasunod na araw ng paaralan. Sa panahon ng pulong, ang lahat ng may kaugnayang impormasyon kabilang ang mga resulta ng pagsusuri, oberbasyon ng iyong anak, impormasyon na ibinigay sa iyo, ang IEP ng iyong anak, at kasalukuyang paglalagay ay rerepasuhin.

Iimbitahan ka sa isang pulong upang ipasiya kung:

a. Ang asal na tinatanong ay sanhi ng, o may tuwiran at malaking kaugnayan sa kapansanan ng iyong anak; o

b. Ang asal na pinag-uusapan ay isang tuwirang resulta ng kabiguan ng paaralan na ipatupad ang IEP ng iyong anak.

Kung ang alinman sa a) o b) sa itaas ay ipinasiyang angkop sa iyong anak, ang asal ay dapat ipasiya na isang pagpapahayag ng kapansanan ng iyong anak.

Ang Asal ay Hindi Isang Pagpapahayag   Kung ang kilos ay ipinasiyang hindi pagpapahayag ng kapansanan ng iyong anak, ang mga pamamaraang pandisiplina ng DoDEA na angkop sa mga batang walang kapansanan ay maaaring gamitin, kabilang ang paglalagay sa isang panghaliling kapaligirang pang-edukasyon.  Ang paaralan ay patuloy na may tungkulin na magkaloob sa iyong anak ng FAPE.



Ang Asal ay Isang Pagpapahayag   Kung ang asal ay ipinasiyang isang pagpapahayag ng kapansanan ng iyong anak; ang CSC ay magsasagawa ng pagtasa ng pagganap ng asal at ipatutupad ang isang planong pamamagitan sa asal, kung hindi pa nito nagagawa ito bago nagresulta ang asal sa desisyon ang baguhin ang paglalagay ng iyong anak.  Ang CSC ay magrerepaso at magbabago, kung kailangan, sa anumang itinatag na planong pagkilos.  Maliban kung itinatadhana sa ilalim ng mga natatanging kalagayan, ang paaralan ay hindi dapat alisin ang iyong anak mula sa kanyang kasalukuyang kapaligirang pang-edukasyon patungo sa isang panghaliling kapaligiran o pagsuspinde ng higit sa 10 magkakasunod na araw ng paaralan at, sa pagtatapos ng naturang pag-alis, ay magbabalik sa iyong anak sa kanyang kasalukuyang paglalagay na pang-edukasyon (iyon ay, ang kinalalagyan ng iyong anak bago ang pag-alis na pandisiplina).

Mga Natatanging Kalagayan   Ang isang paaralan ay may limitadong awtoridad upang alisin ng isang bata sa kasalukuyang kinalalagyan niya ng higit sa 10 magkakasunod na araw na paaralan.  Pagkabigay ng paunawa sa iyo kaagad pagkatapos gawin ang desisyon na gumawa ng aksiyong pandisiplina laban sa iyong anak, ang paaralan ay maaring alisin ang iyong anak sa isang pansamantalang panghaliling kapaligirang pang-edukasyon ng higit sa 45 araw ng paaralan nang hindi isinasaalang-alang ang pagpapahayag sa mga kaso na, habang nasa paaralan, sa mga ari-arian ng paaralan, o sa isang ginaganap ng paaralan sa ilalim ng hurisdiksiyon ng paaralan, ang iyong anak ay:

a. Nagdadala o nag-aangkin ng sandata;

b. Nagdadala o gumagamit ng mga bawal na droga, o nagbebenta o nag-aalok ng pagbebenta ng isang kinokontrol na substansiya; o

c. Nagbibigay ng seryosong pinsala sa katawan ng ibang tao.

Pagpapatuloy ng mga Serbisyo na Kaugnay ng Pag-alis ng Higit sa 10 Araw sa isang Taon ng Paaralan   Ang paaralan ay dapat magpatuloy na magkaloob sa iyong anak ng mga serbisyong pang-edukasyon upang bigyan ng kakayahan ang iyong anak na makalahok sa kurikulum ng pangkalahatang edukasyon, bagaman sa ibang kapaligiran at upang sumulong sa pagtupad sa mga hangarin sa IEP ng iyong anak.  Ang iyong anak ay maaaring tumanggap, gaya ng angkop, ng isang pagtasa ng asal sa pagganap, mga serbisyong pamamagitan sa asal, at mga pagbabago na idinisenyo upang harapin ang paglabag sa asal upang hindi na ito maulit.

Pinadaling Angkop na Proseso ng Pagdinig   Ang isang pinadaling angkop na prosesong pagdinig ay maaaring hilingin kung:

(a) Hindi ka sumasang-ayon sa anumang desisyon tungkol sa paglalagay ng iyong anak o sa pagpapasiya ng pagpapahayag, o

(b) Ang distrito ng paaralan ay naniniwala na ang pagpapanatili ng iyong anak sa kasalukuyang paglalagay ay malamang na magresulta sa pinsala sa iyong anak o sa iba.



Ang isang pinabilis na angkop na paraan ng pagdinig ay dapat isagawa sa loob ng 20 araw ng paaralan pagkatapos ng paghaharap ng petisyon na humihiling ng pinadaling pagdinig. Ang Opisyal ng Pagdinig ay magpapalabas ng isang desisyon sa loob ng 10 araw ng paaralan pagkatapos ng pagdinig.  Maliban kung iba ang iutos ng Opisyal ng Pagdinig, ikaw at ang paaralan ay dapat sumunod sa mga pamamaraan na inilarawan sa itaas para sa paghaharap ng naunang nakasulat na paunawa, sagot sa petisyon, mga pagsalungat sa kasapatan ng petisyon, ang Sesyon sa Resolusyon, at ang pagtatalaga ng isang Opisyal ng Pagdinig, maliban sa ang angkop ng mga takdang panahon ay hinati.  Maaaring ibalik ng Opisyal ng Pagdinig ang isang batang may kapansanan sa kinalalagyan na inalis siya, o iutos ang isang pagbabago ng kinalalagyan sa isang angkop na pansamantalang panghaliling kapaligiran para sa higit sa 45 araw ng paaralan kung ipinasiya ng Opisyal ng Pagdinig na ang pagpapanatili ng bata sa kasalukuyang kinalalagyan ay malamang na magresulta sa pinsala sa bata o sa iba.

Mga Apela sa Disiplina Mananatili   Maliban kung ikaw at ang paaralan ay nagkasundo sa ibang bagay, ang pananatili ng isang bata na inilagay sa panghaliling kapaligirang pang-edukasyon ay dapat na pansamantalang panghaliling kapaligirang pang-edukasyon habang hinihintay ang isang utos ng Opisyal ng Pagdinig alinsunod sa isang pinadaling angkop na proseso ng pandinig, o hanggang sa katapusan ng ika-10 magkakasunod na araw ng paaalan, o sa ika-45 magkakasunod na araw ng paaralan kapag ang mga natatanging kalagayan ay umaaplay.

## ISANG-PANIG NA PAGLALAGAY

Ang isang isang-panig na paglalagay ay nangyayari kapag gumawa ka ng isang desisyon na ipinatala ang isang anak sa programang paaralan sa bahay, sa isang pribadong paaralan, o sa tumatanggap na bansa o paaralan na pinatatakbo ng estado. Ang paglalagay na ito ay itinuturing na isang-panig kapag ang isang paaralan ng DoD ay nakahandang maglingkod sa isang batang nakadepende sa DoD na karapat-dapat sa isang edukasyon sa gastos ng DoD (iyon ay, isang karapat-dapat na bata). Kung walang paaralan ng DoD na nakahanda para sa isang karapat-dapat na bata at ang DoDEA ay nagpahintulot sa iyo na ilagay ang iyong karapat-dapat na anak sa isang programang pribado o paaralan sa bahay, ang mga tadhana ng seksiyong ito ay hindi umaaplay.

Kung isang-panig na ipinatala o inilagay mo ang ayong anak sa isang programang paaralan sa bahay o isang pribadong paaralan, ang DoDEA ay hindi inaatasan na pondohan ang mga gastos ng iyong isang-panig na desisyon, maliban kung ang isang Opisyal ng Pagdinig ay nag-utos sa DoDEA na pondohan ang paglalagay na iyon. Upang makuha ang desisyon ng isang Opisyal ng Pagdinig na nagtatagubilin sa DoDEA na bayaran ang iyong isang-panig na desisyon sa paglalagay, dapat mong patunayan na ang programa ng DoDEA ay nabigong magkaloob sa iyong anak ng isang FAPE, na binigyan mo ang paaralan ng paunawa na hindi kukulangin sa 10 araw ng trabaho ng iyong hangarin na alisin ang iyong anak sa DoD at hindi nagawa ng paaralan na lutasin ang iyong mga inaalala, at ang iyong isang-panig na paglalagay sa pribadong paaralan ay angkop para sa iyong anak.



Ang isang Opisyal ng Pagdinig ay maaaring magbawas o tumanggi sa pagbabayad kung, bago inalis ang iyong anak sa paaralan, binigyan ka ng paunawa ng paaralan ng hangarin nito na suriin ang iyong anak (kabilang ang isang pahayag ng layunin ng pagsusuri), pero hindi mo inihanda ang iyong anak para sa pagsusuri. Kung tinanggal mo ang iyong anak na may mga kapansanan mula sa paaralan ng DoD nang hindi nagkakaloob sa paaralan ng hindi kukulangin sa 10 araw ng naunang paunawa na hindi ka nasisiyahan sa programa ng paaralan at hangad mong alisin ang iyong anak upang ipatala siya sa isang panghaliling programa, maaaring hindi mo mabawi ang mga gastos ng naturang panghaliling paglalagay.

## EDAD NG MAYORIYA

Sa DoDEA, ang iyong anak ay umabot sa edad ng mayoriya pagdating ng 18. Ang mga karapatang ipinagkakaloob sa inyo, ang (mga) magulang, ay inililipat sa inyong anak sa edad na 18 maliban kung ang inyong anak ay nagbigay ng nakasulat na pahintulot na patuloy kayong gagamit ng mga karapatan ng magulang, o ang isang may-kakayahang awtoridad ay nagpasiya na ang inyong anak ay hindi makakapagbigay ng may-

kaalamang pahintulot tungkol sa kanyang programang pang-edukasyon. Ang paunawa ng mga pamamaraang pandisiplina ay ipapadala sa inyo kapag ang inyong anak ay umabot na sa edad na mayoriya.

## KARAPATAN SA TAGAPAYONG PAMBATAS/PAGKATAWAN

Ikaw ay maaari, anumang oras, na sumangguni sa tagapayong pambatas o sa mga taong may natatanging kaalaman o pagsasanay tungkol sa mga batang may kapansanan. Ang iyong piniling kinatawan ay maaaring samahan ka at iharap ang iyong kaso sa paaralan at/o Opisyal ng Pagdinig. Sa angkop na paraan ng pagdinig, ikaw o ang iyong kinatawan ay maaaring magharap ng katibayan at tanungin ang mga testigo.

## PAGLUTAS NG MGA HINDI PINAGKAKASUNDUAN

Kung may mga inaalala ka na may kaugnayan sa programang espesyal na edukasyon ng iyong anak, ang unang hakbang, ay makipag-usap sa guro sa regular o espesyal na edukasyon ng iyong anak. Ang administrador ng paaralan ay nakahanda ring tumulong sa paglutas ng mga isyu sa antas ng paaralan. Laging pinakamabuti na makipag-usap at magtrabaho sa pinakamababang antas sa paaralan ng iyong anak upang subukang lutasin ang mga isyu. Kung ang mga inaalala ay hindi nalutas, maaari kang gumawa ng iba pang mga hakbang upang harapin ang mga ito, kabilang ang isang pormal na komperensiya, pamamagitan, at/o paghiling ng isang angkop na proseso ng pagdinig.

<u>Komperensiya</u> Ang isang komperensiya ay pangkaraniwang kasama ang isang administrador ng paaralan at ang mga guro o tagapagkaloob ng serbisyo ng iyong anak. Tandaan, ang layunin ng anumang komunikasyon sa paaralan, sa guro man o sa isang komperensiya, ay linawin ang mga isyu at lutasin ang mga inaalala. Ang mga komperensisyang ito at ibang mga komunikasyon sa paaralan ay pinadadali kapag magagawa mong ipahayag ang mga bagay na batayan ng iyong mga inaalala at ang partikular na tulong na hinahangad mo. Dapat kang magtrabahong kasama ng mga tauhan ng paaralan upang linawin ang mga lugar ng hindi pagkakasundo at mga posibleng solusyon.

Kapag ang isang komperensiya ay lumikha ng pinagkasunduang mga solusyon, ang paaralan ay maghahanda ng isang memorandum para sa rekord na bumabalangkas sa mga hindi pinagkakasunduan at nagpapaliwanag kung paano maayos na nalutas ang mga hindi pinagkakasunduan. Kung ang komperensiya ay nabigong gumawa ng isang pinagkasunduang solusyon, ikaw o ang mga tauhan ng paaralan ay maaaring gumawa ng nakasulat na kahilingan para sa pamamagitan; o gumawa ng isang pagtalikdan sa proseso ng pamamagitan, at humiling ng isang pormal na angkop na proseso ng pagdinig.

Pamamagitan   Maaari kang humiling sa DoDEA na mag-ayos ng pamamagitan sa tulong ng isang walang-kinikilingang ikatlong tao upang tulungan ka at ang paaralan na magkasundo tungkol sa mga serbisyong espesyal na edukasyon ng iyong anak.  Ang prosesong ito ng pamamagian ay boluntaryo, at isinasagawa ng isang independiyente, bihasang tagapamagitan na hinirang ng DoDEA nang wala kang babayaran.  Ang tagapamagitan ay hindi tulad ng arbitrador na gumagawa ng mga pasiya at nagpapataw ng mga tungkulin sa mga partido.  Ang pamamagitan ay iniiwan ang mga partido na may buong kontrol sa proseso at nagpapahintulot sa kanila na magkasundo kung saan sila ay lubos na naninindigan.



Ang mga talakayang nangyayari sa proseso ng pamamagitan ay kompidensiyal at hindi maaaring gamitin bilang ebidensiya sa anumang mga kasunod na angkop na proseso ng pagdinig o mga pamamaraang sibil.  Ang pulong o mga pulong ay itatakda sa mga oras at lugar na pinagkasunduan ninyo.  Kung nagkasundo kayo bunga ng pamamagitan, ang Instruksiyon 1342.12 ng DoD ay nag-aatas sa mga partido na magsagawa ng isang nakasulat na kasunduan na maipapatupad ng isang hukuman ng batas.

Ang isang listahan ng mga tagapamagitan ay makukuha mula sa opisina ng Superintendente ng Distrito at mula sa Opisina ng Paglutas ng Hindi Pinagkakasunduan (Office of Dispute Resolution) matatagpuan sa Opisina ng Direktor, Opisina ng mga Pagdinig at Apela ng Depensa (Defense Office of Hearings and Appeals [DOHA]).

Pagpapasimula ng isang Angkop na Proseso ng Pagdinig   Kapag ikaw at ang paaralan ay hindi nagkasundo tungkol sa pagkilala, pagsusuri, paglalagay, IEP o sa karapatan ng iyong anak sa isang FAPE, ikaw o ang paaralan ng ay maaaring humiling ng isang angkop na proseso ng pagdinig.

Kapag ang isang reklamo (petisyon) para sa angkop na proseso ay iniharap sa Direktor ng Office Hearings and Appeals (DoHA), ang isang independiyenteng Opisyal ng Pagdinig ay itatalaga.  Ang Opisyal ng Pagdinig ay tatawag ng isang angkop na proseso ng pagdinig sa isang lokasyon kung saan ikaw at ang iyong anak ay naninirahan, pamamahalaan ang palitan ng impormasyon at paghahanda para sa pagdinig, at magsasagawa ng pagdinig.

Ang mga sumusunod na hakbang ay dapat sundin upang simulan at lutasin ang isang hindi pinagkakasunduan na ginagamit ang mga pamamaraang ito.

Paunawa/Petisyon/Reklamo   Ang isang partidong nais magpasimula ng isang pagdinig ay dapat magbigay ng paunawa sa kabilang partido at sa Direktor ng DoHA ng hangarin na magtalaga ng isang Opisyal ng Pagdinig upang magsagawa ng isang pormal na angkop na proseso ng pagdinig sa pamamagitan ng paghaharap ng isang petisyon

(tinatawag din na isang paunawa o reklamo) sa Director of the Defense Office of Hearings and Appeals (DOHA), Post Office Box 3656, Arlington, Virginia 22203. Dapat ka ring magbigay ng isang kopya ng petisyon sa paaralan. Ang Direktor, DOHA, ay magtatalaga ng isang Hukom ng Pampangasiwaan ng DOHA bilang isang Opisyal ng Pagdinig sa loob ng 10 araw ng trabaho pagkaraang matanggap ang iyong paunaw ng angkop na proseso.

Takdang Panahon upang Magharap  Ikaw o ang paaralan ay maaaring humiling ng isang walang-kinikilingang angkop na proseso ng pagdinig sa loob ng 2 taon ng petsa na nalaman o ng paaralan at dapat na nalaman na ang tungkol sa paratang na aksiyon na bumubuo ng batayan ng reklamo. Maaari kang makakuha ng karagdagang panahon upang humiling ng isang angkop na proseso ng pagdinig kung mapapatuyan mo na ikaw ay pinigilang humiling ng pagdinig dahil sa:

(1) Mga partikular na maling pahayag ng paaralan na nalutas na nito [ang paaralan] ang problema na batayan ng iyong reklamo; o

(2) Hindi ibinigay ng paaralan ang impormasyon na iniaatas na ibigay sa iyo.

Impormasyon na Iniaatas na isama sa Petisyon  Ang nakasulat na petisyon ay dapat kasama ang:

- Pangalan ng iyong anak.
- Kanyang tirahan; at
- Pangalan ng paaralan na pinapasukan ng iyong anak.

Dapat ding kasama dito ang:

- Isang paglalarawan ng bawat natukoy na problema;
- Isang paglalarawan para sa bawat iminumungkahi o ipinagkait na pagsisimula o mga pagbabago sa programang pang-edukasyon ng iyong anak; at
- Mga bagay na may kaugnayan sa bawat tinukoy na problema.

Ang isang halimbawang porma ng reklamo ay makukuha mula sa punong-guro ng iyong paaralan sa website ng DoDEA sa http://www.dodea.edu/curriculum/specialEduc.cfm?cType=se&cId=info  Upang matiyak na ang iyong petisyon sa angkop na proseso ay naiintindihan ng Opisyal ng Pagdinig at ng tumutugong paaralan, dapat mong malinaw na ipahayag ang sinasalungat sa mga tauhan ng paaralan, bakit sa palagay mo ay makakagawa ito ng pagkakaiba sa edukasyon ng iyong anak, at ilarawan ang partikular na tulong na hinihiling mo.

Nakasulat na Paunawa at Pagtugon  Sa loob ng 10 araw ng trabaho pagkatanggap ng Direktor, DoHA ng petisyon:

- Ang DoDEA ay dapat magpadala sa iyo (ang magulang) ng isang tugon na partikular na humaharap sa mga isyung inilagay sa reklamo.

- Maliban kung ikaw (ang magulang) ay nakatanggap na ng nakasulat na paunawa tungkol sa mga bagay na ito, ang tugon ay dapat na kasama ang: isang paliwanag kung bakit ang sistema ng paaralan ay nagmungkahi o tumangging gumawa ng aksiyon na inilagay mo sa reklamo, isang paglalarawan ng ibang mga mapipili ng CSC na isinaalang-alang at ang mga dahilan kung bakit ang mga mapipili ay tinanggihan, isang paglalarawan ng bawat pagsusuri, pamamaraan, pagtasa, rekord o ulat na ginamit nila bilang batayan ng desisyong iyon, at isang paglalarawan ng mga bagay na may kaugnayan sa mungkahi o pagtanggi.



Hindi Sapat na Petisyon   Ang partido ay may karapatan na magharap sa Opisyal ng Pagdinig ng DoHA ng isang paunawa na ang petisyon (kilala rin bilang reklamo o paunawa) ay hindi nagkaloob ng sapat na impormasyon upang gawing legal na sapat ang petisyon, gaya ng inilarawan sa itaas.  Ang Opisyal ng Pagdinig ay inaatasan na magpasiya sa anumang pagsalungat sa kasapatan ng paunawa ng angkop na proseso sa loob ng 5 araw ng trabaho pagkaraan ng paghaharap nito.  Ang katotohanan na ang isang partido ay nagkaloob ng isang tugon sa petisyon ay hindi nagkokompromiso sa kakayahan na salungatin ang kasapatan ng isang petisyon sa harap ng Opisyal ng Pagdinig.

Sesyon sa Resolusyon (Pulong)   Ang IDEA ay nagbibigay sa iyo ng pagkakataon na makipagpulong sa paaralan upang ipaliwanag ang iyong reklamo para sa angkop na proseso, at bigyan ang DoDEA at ang paaralan nito ng pagkakataon na lutasin ang iyong reklamo.  Sa loob ng 15 araw ng trabaho pagkatapos matanggap ng Direktor, DoHA ang iyong petisyon (kilala rin bilang isang paunawa o reklamo) na humihiling ng angkop na proseso, ang isang paaralan ay dapat magsagawa ng Sesyon sa Resolusyon.  Ang sesyong ito ay isang pulong ninyo (ang mga magulang), ng mga kaugnay na miyembro ng CSC ng inyong anak na may partikular na kaalaman sa mga bagay na tinukoy sa reklamo, at ng isang kinatawan ng DoDEA na may awtoridad na gumawa ng isang desisyon tungkol sa inyong petisyon.  Ang Sesyon sa Resolusyon ay dapat mangyari, maliban kung kayo at ang paaralan ay gumawa ng nakasulat na kasunduan na talikdan ang Sesyon sa Resolusyon o upang lumahok sa pamamagitan sa halip ng Sesyon sa Resolusyon.  Sa katapusan ng 30 araw ng trabaho pagkatapos matanggap ng Direktor ang isang petisyon, kung ang resolusyon ay hindi nagawa, ang Opisyal ng Pagdinig ay maaaring manawagan ng isang petisyon sa angkop na proseso.

- Kabiguang Lumahok   Kung nabigo kang lumahok sa Sesyon sa Resoluson, at ikaw at ang paaralan ay hindi nagkasundong talikdan ang Sesyon sa Resolusyon o upang gamitin ang proseso ng pamamagitan bilang panghalili sa Sesyon sa Resolusyon, ang angkop na proseso ng pagdinig ay maaaring hindi isagawa.

- Mga Abugado   Walang bayad sa abugado na ipinahintulot para sa paglahok ng abugado sa sesyon sa resolusyon.  Ang paaralan ay maaari lamang magkaroon ng abugado kung ang magulang ay may kasamang abugado.

- Maipatutupad na Kasunduan sa Paglutas   Kung ikaw at ang paaralan ay nagkasundo sa sesyon sa resolusyon, ilalagay mo at ng kinatawan ng paaralan sa kasulatan ang kasunduang ito.  Ito ay isang may-bisang kasunduan, maipatutupad sa hukuman kapag pinirmahan ng mga parehong partido.  Kahit na pagkatapos pumirma, gayunman, ang bawat partido ay may karapatang repasuhin ang kasunduan at pawalang-bisa ang kasunduan sa loob ng 3 araw ng trabaho pagkatapos pirmahan ang kasunduan.

Pagsasagawa ng Angkop na Proseso ng Pagdinig   Bago magtuloy sa angkop na proseso ng pagdinig, mangyaring sumangguni sa Instruksiyon 1342.12 ng DoD, tinukoy sa pahina 2 ng dokumentong ito, para sa detalyadong pagtalakay sa mga karapatan at responsibilidad.

- Pagsusuri at Ibang mga Iniaatas na Pagsisiwalat  Hindi kukulangin sa 10 araw ng trabaho bago ang pormal na angkop na proseso ng pagdinig, ikaw at ang paaralan ay dapat magsiwalat sa isa't isa ng pagkakakilanlan at inaasahang testimonya ng lahat ng mga eksperto na nilalayong tumestigo. Sa loob ng 5 araw ng trabaho, ang mga partido ay dapat magpalitan ng lahat ng pagsusuri at ulat na nauukol sa isang bata na gagamitin sa angkop na paraan ng pagdinig.

- Pagtuklas  Ang bawat partido ay maaaring humiling na ang kabila ay magpakita ng mga naturang dokumento o ibang ebidensiya, kabilang ang isang listahan ng mga testigo na nilalayon ng partido na asahan sa angkop na paraan ng pagdinig.  Ang kabiguang magsiwalat ng ebidensiyang hiniling ng kasalungat na partido ay maaaring magresulta sa pagtanggi ng Opisyal ng Pagdinig na gamitin ang ebidensiyang iyo sa angkop na proseso ng pagdinig.

- Ang hindi pinagkakasunduan ay maaaring malutas sa pamamagitan ng isang pormal na pagdinig sa harap ng Opisyal ng Pagdinig na ang parehong partido ay naghaharap ng kani-kanilang kaso, o ang kaso ay maaaring isumite sa Opisyal ng Pagdinig para sa desisyon na batay sa nakasulat na rekord. Dapat mong bigyan ng nakasulat na  paunawa ang Opisyal ng Pagdinig kung mas gusto mong magkaroon ng desisyon na batay sa isang nakasulat na rekord sa halip na magkaroon ng isang pormal na pagdinig.

- Desisyon sa Pagdinig  Ang Opisyal ng Pagdinig ay maaaring pasalitang ipahayag ang desisyon sa katapusan ng angkop na proseso ng pagdinig, o magpalabas ng isang nakasulat na desisyon sa loob ng 50 araw ng trabaho pagkatapos na pagtalagahan ng kaso.  Ang Opisyal ng Pagdinig ay maaari ring magpalawig ng oras ng pagpapalabas ng isang desisyon bilang tugon sa kahilingan ng isang partido para sa karagdagang panahon, o para sa ibang

magandang dahilan. Ang Opisyal ng Pagdinig ay magpapasiya sa mga isyu sa kasong batay sa rekord na ipinakita sa mga pamamaraan ng angkop na proseso ng pagdinig.

<u>Eksaktong Rekord</u> Sa pagtatapos ng angkop na paraan ng pagdinig maaari kang kumuha ng isang nakasulat o elektronikong rekord ng pagdinig.

## APELANG PAMPANGASIWAAN SA DESISYON SA PAGDINIG

Ang isang partido ay may karapatan sa apela sa desisyon ng Opisyal ng Pagdinig sa Lupon ng Apela ng DoHA sa loob ng 30 araw ng trabaho pagkatapos matanggap ang desisyon ng Opisyal ng Pagdinig. Ang Apela ay dapat iharap sa Direktor, DoHA, sa direksiyon na tinukoy na itaas para sa paghaharap ng isang petisyon. Ang Direktor, DoHA ay magtatalaga ng kaso sa Lupon ng Apela para isaalang-alang. Ang bawat partido ay magkakaroon ng pagkakataon na magharap ng mga nakasulat na pahayag ng kanilang mga isyu at pangangatwiran. Ang Lupon ng Apela ay maaaring mag-utos sa mga partido na magbigay ng pasalitang pangangatwiran na sumusupora sa posisyon ng partido. Ang Lupon ng Apela ay magpapalabas ng isang desisyon sa loob ng 45 araw ng trabaho pagkatapos matanggap ang mga nakasulat na pangangatwiran ng partido.

## MGA SIBIL NA AKSIYON

Alinmang partido (ang magulang o ang paaralan) na naagrabyado ng desisyon ng Lupon ng Apela ng DoHA ay may karapatang magharap ng sibil na aksiyon tungkol sa bagay na paksa ng angkop na proseso ng pagdinig (kabilang ang isang pagdinig na may kinalaman sa mga pamamaraan ng disiplina). Ang aksiyon ay maaaring dalhin sa isang hukuman ng distrito ng Estados Unidos. Ang sibil na aksiyon ay dapat iharap sa loob ng 90 araw ng kalendaryo pagkaraan ng petsa na natanggap mo ang desisyon ng Lupon ng Apela. Upang matiyak ang pagsunod sa angkop na paghaharap at ibang mga tuntunin ng pamamaraan upang hindi mawala ang iyong karapatang magharap ng isang sibil na aksiyon, dapat kang, sa pinakamababa, sumangguni sa Pederal na mga Tuntunin sa Pamamaraang Sibil, sa mga tuntunin ng lokal na hukuman, at tagapayong pambatas.

## MGA BAYAD SA ABUGADO

Ang isang Pederal na Hukuman ng Estados Unidos ay maaaring maggawad ng makatwirang bayad sa abugado sa isang nanalong partido sa anumang aksiyong pampangasiwaan o pamamaraan ng hukuman na ipinahintulot ng IDEA.

## KONGKLUSYON

Kami sa DoDEA ay umaasa na ang patnubay na ito ay nagkaloob sa iyo, ang magulang, ng karagdagang paglilinaw ng maraming karapatan mo at ng iyong anak. Ang DoDEA ay nakalaang lumikha ng isang pakikipagtulungang pang-edukasyon sa iyo na may hangarin na magkaloob ng mga mahuhusay na serbisyong espesyal na edukasyon sa iyong anak alinsunod sa Instruksiyon 1342.12 ng DoD. Kung may karagdagang katanungan ka tungkol sa programang pang-edukasyon ng iyong anak, mangyaring huwag mag-atubiling makipag-usap sa guro sa silid-aralan ng iyong anak at/o espesyal na edukador, at administrador ng paaralan.